SHAPE CALIFORNIA'S FUTURE

2020 Citizens Redistricting Commission

Papel ng Impormasyon ukol sa Pag-iiba ng distrito at sa 2020 Citizens Redistricting Commission

- Dapat muling tukuyin ng California ang mga hangganan ng mga distirong Congressional, Senado ng Estado, State Assembly at Lupon ng Equalization ng Estado kada sampungtaon, upang maipakita ang bagong pederal na datos ng census ng populasyon.
- Noong Nobyembre 2008, ipinasa ng mgabotante ng California ang Voters FIRST Act, na nagbibigay-awtorisasyon sa paglikha ng Citizens Redistricting Commission (ang Commission) upang maisulat ang bagong mga linya ng distrito, at kinuha nito ang naturang gawain mula sa kamay ng Lehislatura at ibinigay sa mga mamamayan. Bago ang taong 2008, ang mga mambabatas ng California ang sumusulat sa mga linya ng distrito. Noong 2010, idinagdag ng Voters FIRST Act for Congress ang pananagutan sa pagtukoy ng mgadistritong Congressional sa Commission.
- Hinihiling ng Batas mula sa Auditor ng Estado ng, isang independiyente, walang partidong entity, na magpasimula ng proseso ng aplikeysyon para sapagpili ng mga miyembro ng Commission.
- Bilang pagsunod sa mahigpit, walang pinapanigang mga tuntunin nadinisenyo upang lumikha ng mga distrito na may halos pantay-pantay na bilang ng populasyon at nanagtataglay ng layunin ng pagbibigay ng patas na representasyon para salahat ng taga-California, ang Commission ay gumawa ng mga hangganan ng distrito para sa Distritong Congressional, nadistrito ng Senado ng Estado, distrito ng Assembly ng Estado at apat na distrito ng Lupon ng Equalization ng Estado.
- Ang Commission ay magkakaroon ng 14 na miyembro; limang miyembro na Demokrata, limang miyembro na Republikano at apat na miyembro na nagparehistro ng wala o "independent" sa kahit anong partidong politikal (decline to State o walang kinikilingang partido) o kaanib ng ibang partido.
- Ang mga rehistradong botanteng ay may karapatang maglingkod sa Commission kung sila ay tuloy-tuloy na nakarehistrosa California sa kaparehong partidong politikal, o walang partidong politikal, sa loob ng limang taon matapos maitalaga sa Commission; at sila ay nakaboto ng kahit dalawang bese sa huling tatlong pambansang eleksyon.
- Hindi maaaring maglingkod ang isang botante sa Commission sa mga sumusunod na kondisyon: kung ang botante o miyembro ng kanilang malapit na pamilya ay naitalaga, nahalal, o naging kandidato para sa isang tungkulin sa Kongreso na pang-kongreso o pang-estado; naglingkod bilang isang opisyal, empleyado, o bayad na tagapayo ng isang politikal na partido ng California o ng komite sa pangangampanya ng isang kandidato

para sa inihahalal na tungkulin sa kongreso o sa estado ng California; o na narehistrobilang isang lobbyist.

- Maaaring magsumite ng aplikeysyon ang mga taga-California sa Opisina ng Auditor ng Estado ng California sa shapecaliforniasfuture.auditor.ca.gov sa panahon ng pag-a-apply mula Hunyo 10, 2019 hanggang Agosto 19, 2019.
- Ang mga aplikanteng makakatugon sa mga kwalipikasyon na nakasaad sa Batas upang makapaglingkod sa Commission, at walang salungatan sa interes, ay iimbitahang magsumite ng karagdagang aplikeysyon na naglalaman ng karagdagang impormasyon tungkol sa kanilang mga kwalipikasyon. Ang mga aplikeyson na supplemental ay magiging bukas sa loob ngg 30 na araw mula Agoto 21, 2019 hanggang Setyembre 20, 2019.
- Ang Panel sa Pagsusuri ng Aplikante na binubuo ng tatlong independiyenteng auditor ay mangunguna sa proseso ng pagpili.
- Kapag nasurina ng panel ang lahat ng mga aplikeysyon, pipili ang panel ng hanggang 120 sa pinakakwalipikadong aplikante, na personal nakakapanayamin ng panel sa Sacramento, California. Ang 120 aplikante ay hahatiin sa tatlong sub-pool ayon sa kinaaanibang partido. Mulasa 120 aplikante na kakapanayamin, pipili ang panel ng 60 sa pinakakwalipikadong aplikante (na patas na hinati sa tatlong sub-pool ayon sa pagigingkaanib ng partido).
- Pagkatapos ay ihaharap ng panel ang 60 na pangalan sa apat na pinuno ng mambabatas (ang Presidente pro Tempore ng Senado, ang Lider ng Minorya, ang Tagapagsalita ng Assembly at ang Lider ng Minorya ng Assembly) upang masuri ang mga ito. Ang bawat isa sa mga pinuno ng mambabatas ay maaaring matanggl ng hanggang dalawang aplikante sa bawat sub-pool. Ang panghuling pool ng aplikante ay ipapadala na ngayon sa Auditor ng Estado, na pipili ng ala-suwerte mula sa mga natitirang pangalan sa tatlong sub-pool: talong aplikante na Demokrata, tatlong aplikante na Republikano at dalawang aplikante na nagparehistro ng wala o "independent" sa kahit anong partidong politikal (decline to State o walang kinikilingang partido) o kaanib na partido. Ang walong aplikanteng ito ay magiging unang walong miyembro ng Commission, at tatapusin nila ang proseso ng pagpili sa pamamagitan ng pagpili ng huling anim na miyembro ng Commission.
- Pagtutulungan ang pag-aapruba sa apat na mapa; isa sa mga distritong Congressional, isa para sa distro ng Senado ng Estado, isa para sa mga distrito ng Assembly ng Estado at isa para sa mga distrito ng Lupon ngEqualization ng Estado. Kapag naaprubahan ng Commission ang apat na huling mapa, sesertipikahin ang mga mapa ng Secretary of State na may kasamang ulat na nagpapaliwanag sa batayan ng Commission sa gayong mga pasya.